## III. Pamamaraan ng Paggamit

Pinakamainam na oras ng paggamit nito ay umagang-umaga at sa dapit-hapon. Gamitin ito sa mga sumusunod na sitwasyon:

**Bilang panggamot sa lupa para sa mga halaman**

Maghalo ng *100 ml* ng nakatas na madre de cacao sa isang litro ng tubig. Ilipat ito sa malinis na pambomba o *sprayer*. Bago ito ipisik sa lupa, basain muna ang lupa upang maiwasan ang pagkatuyo ng lupa.

**Bilang organikong pamatay peste**

Maghalo ng *100 ml* ng *madre de cacao* sa isang litro ng tubig. Ilipat ito sa malinis na pambomba o *sprayer*. Ipisik ito sa mga halaman.

## IV. Mga Benepisyo ng Paggamit ng Botanical Pesticide

Ang paggamit nito ay hindi nakakasama sa kapaligiran dahil ito ay gawa mula sa mga purong natural na sangkap.

Ang pagkaing mula sa halaman na ginamitan nito ay mas nagiging ligtas kainin dahil walang kemikal na naiiwan mula dito.

Mas makakatipid ang mga magsasaka dahil sa murang halaga sa pagbili ng sangkap sa paggawa nito kumpara sa ibang kemikal na pamatay-peste.

Ang mas mababang gastos sa pagtatanim/paghahalaman ay magreresulta naman ng mas malaking kita.

## V. Sanggunian at mapapagkukuhanan ng impormasyon:


**Bulacan Agricultural State College - Extension Services Office**
*Website: www.basc.edu.ph*
*E-mail: bascextensionservices@gmail.com*
*Facebook: BASC Extension Services*

**Dr. Imee D. Esguerra**
Extension Director
*Contact No.: (639)32-597-4498*



Ang babasahing ito ay bunga ng proyektong *Going Back to Basic Plant, Raise & Sustain the Chemical Pesticide-Free Integrated Backyard Farming* na isinagawa ng *Bulacan Agricultural State College*, gamit ang pondo mula sa *Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development* (DOST-PCAARRD) at sa pakikipagtulungan ng Lokal na Pamahalaan ng San Indelfonso, San Miguel at San Rafael, Bulacan. Layunin ng proyektong ito na matugunan ang pangangailangan sa ligtas na pagkain sa gitna ng pandemya habang pinalalakas ang sector ng kababaihan sa komunidad.


# PAMAMARAAN SA PAGGAWA NG *BOTANICAL PESTICIDE*




Bulacan Agricultural State College and Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development

# I. Ano ang *Botanical Pesticide*?

Ang *Botanical Pesticide* ay isang uri ng natural na pamatay-peste na gawa mula sa halaman at iba pang *minerals* na nakakatulong upang magamit pamuksa sa mga pesteng nagdudulot ng sakit sa halaman.

# II. Mga Hakbang sa Paggawa ng *Botanical Pesticide*

## A. Mga Sangkap

| Sangkap | Dami/Sukat | Dami ng magagawa |
|---|---|---|
| Dahon ng Madre de cacao | 1 kilo | 1 litro ng Botanica Pesticide |
| Mainit na tubig | 1 litro | |

## B. Mga Kagamitan

| Gamit | Dami/Sukat |
|---|---|
| Dikdikan o Blender | 1 piraso |
| Timba | 1 piraso |
| Salaan | 1 piraso |



## C. Mga Hakbang sa Paggawa




Hugasan at hiwain ng maliliit ang dahon ng *madre de cacao*.




I-blender o dikdiking mabuti ang dahon upang mapalabas ang katas nito.




Ilagay sa palanggana ang nakatas na dahon ng *madre de cacao*.




Lagyan ng isang litro ng mainit na tubig at haluin.




Ilagay muna sa isang tabi sa loob ng isang oras ang nagawang pinaghalong sangkap.




Salain ang katas ng pinaghalong sangkap upang maihiwalay ang sapal ng dahon mula sa pinakakatas nito .




Itago ang nagawang pestisidyo hanggang kailangan.